# BONI

KIM KIMBERLY DERLA

Tinanong kita kanina kung sino si Annie,
wala kang sinabi,
kumain ka lang dito sa tabi.
Tinanong kita kanina kung sino si Annie.
Ika'y napangiwi. Nabali ang ngiti.
Nagsabi ka ng salitang 'di mawari,
salitang pantangi,
na animo'y gamot na papawi,
sa puso kong sawi,
at sa sanlibong pagdududa ko
dito sa may Boni.
Tinanong ulit kita tungkol kay Annie,
wala kang imik.
Sa halip nagpaalam ka.
Sinabing, "Bukas na tayo magkita."
Pumayag naman akong si tanga
na makipagkita bukas ng umaga.
Hanggang sa nakita ko na lang ang sarili ko,
na sa aking mata'y luha,
dahil sa panyong nakita kong nailaglag mo,
pangalan ay Annie sa isang kanto nito.